**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 9, 1-8




# Pili festival: Wika, kultura at identidad ng Sorsogueno

Mariano, Sharon D. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (sharondivinamariano@gmail.com)*

**Received**: 30 March 2026 **Revised**: 20 April 2026 **Accepted**: 22 April 2026
**Available Online**: 23 April 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26125

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

---

***Abstract***

Ang Pili Festival ang pangunahing festival sa Sorsogon na itinatampok ang puno ng likas na tumutubo sa Sorsogon at naglalayong maipakita ang katangian, kahalagahan at produksyon ng pili. Ang layunin ng saliksik na ito ay malaman ang kaugnayan ng wika, kultura at identidad ng Sorsogueño sa pagdiriwang ng Pili Festival. 1. Malaman ang ipinapakitang wika: a. produkto b. kasuotan at kagamitan c. kulay d. sayaw, 2. Masuri ang mga kulturang isinasabuhay sa pagdiriwang ng Pili Festival. 3. Matukoy ang identidad ng mga Sorsogueño sa pagpapahalaga ng produktong pili. 4. Makapagmungkahi ng gawaing magpapaunlad sa produkto, kultura at turismo sa pamamagitan ng Pili Festival. Dokumentaryong pananaliksik ito, ang mga datos ay mula sa dokumentaryong bidyu at larawan, pakikipanayam sa mga tagapamahala, mga kalahok at mga manonood ng festival, at aktuwal na panoood ng mananaliksik. Sinuri sa pamamagitan ang mga pahayag at larawang nagpapahiwatig ng kultura at identidad ng Sorsogueño.Lumabas sa resulta na ang wika ng produkto, kasuotan at kagamitan, kulay ng damit at ang sayaw ay umaayon sa katangian ng pili. Nagsisilbing lundayan ng pagkakakilanlan ng isang Sorsogueño ay matiyaga,malikhain at mapagpasalamat.

***Keywords:*** Pili festival, wika, kultura, identidad, Sorsogueño

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Pili festival: Wika, kultura at identidad ng Sorsogueno

## 1. Introduksyon

Ang bawat lugar sa Pilipinas ay nagdaraos ng pagdiriwang na kung saan may kaugnayan sa kanilang pagkakakilanlan. Ang Festival ay isa sa makapangyarihang puwersa na nagpapakita ng kultura, identidad, paniniwala, pag-uugali ng mga mamayan sa isang lipunan. Ito ay ginagawa nila bilang pagpapahalaga sa mga bagay na sagana at pagpapasalamat sa Poong Lumikha. Ang Festival ayon kay Falassi (1987) ay sagradong pagdiriwang tungkol sa paniniwala at kultura ng isang lugar. Sa kasalukuyan, nagiging tulay ang festival sa pagpapakilala ng mga produkto sa lugar, gayundin ang kultura at turismo.

Sa lalawigan ng Sorsogon ay may ibat ibang festival na ipinagdiriwang ang bawat bayan nito. Sa unang Distrito, Casiguranay Gugurang Festival, Castilla ay Unod Festival, Donsol ay Butanding Festival, Pilar ay Parau Festival, Magallanes ay Magaleones Festival at ang Lungsod Sorsogon ay ang Pili Festival. Ang Pili Festival ang pangunahing Festival sa Sorsogon na ipinagdiriwang mula ika-20 hanggang ika-29 ng Hunyo. Kasabay nito ang padiriwang ng pista nina San Pedro at San Pablo, mga Patron ng Sorsogon. Itinatampok ng festival ang puno ng likas na tumutubo sa Sorsogon at naglalayong maipakita ang katangian, kahalagahan at produksyon ng pili sa pamamagitan ng sayaw, makukulay ang kasuotan ng mga mananayaw. Tinatawag ang puno na “The Majestic Tree” dahil sa iba’t ibang gamit ng bawat bahagi nito tulad ng ugat, katawan ng puno, sanga, dahon, dagta, at bunga sa industriyal, komersyal, at nutrisyunal na aspeto. Ayon kay Levickaite (2011), isang uri ng pagdiriwang ang city festival na may pagsasa-alang -alang sa mga ekpresyon ng kultura at pagpapahalaga sa industriya ng isang lungsod.

Ang festival ay tulay sa pagpapakilala sa mga umiiral na wika at kultura. Mahalaga ang pag-aaral ng mga festival sa pag-alam ng kutura at identidad ng isang lipunan at maipakilala ang natatanging katangiang taglay nito. Binigyang pansin sa papel na ito ang pagdalumat sa wika ng Pili festival bilang daluyan sa pagkakailanlan ng kulturang Sorsuogueno. Wika ang pangunahing kasangkapan sa pagbibigay ng pangalan sa produkto, samaktwid ang pagpapangalang ito ay pagwiwika rin ng kultura. Ang mga produktong ipinangalan sa sariling wika ay maituturing na representasyon ng kanilang kultura. Hindi maitatangi ang maigting na relasyon ng wika at kultura. Ito ay dahil walang ihahahayag ang wika kung walang kutura at walang ihahayag ang kultura kung walang wika ayon kay Amtalao at Altek (2015). Ang kultura ng isang bayan ay nababatid sa iba’t ibang anyo dahil nagpapakilala ito ng sari saring porma. Naniniwala si Eves (2014) na ang material na kultura, maging konkreto man o hindi, ay maituturing na “anthropology of art” dahil anumang bagay na nilikha ng nagkakaisang lipunan ay maaaring gamiting instrumento upang makilala ipakilala o makilala ang kanilang pagkalalang. Ang kultura ay kinapapalooban ng mga simbolikong materyal, akda, tradisyon, pagpapahalaga at paniniwala ng isang komunidad o pangkat (Hymes, banggit Yuequin,2013); ng mga awtentikong pamamaaraan ng pamumuhay, gawi at pilosopiya sa mga makatotohanang karanasan ng mga tao (Sparapini,2011).

Nabanggit nina Hanram at Halewood (2000) na ang festival ay nagbibigay ng pagkakailanlan at totoong pangyayari sa buhay. Repleksyoin din ito ng makakatotohanang pamumuhay ng mga tao. Sa madaling salita ang festival ay identidad ng mga tao sa isang lipunan dahil sumasalamin ito sa kanilang kutura at tradisyon. Inilarawan nga ni Costa (2002) na ang festival ay nagsisilbing tulay upang maipakita ang natatanging kultura at tradisyon. Ang wika, kultura at identidad ay daluyan sa pagdaraos ng pagdiriwang ng festival, ang wika ang pangunanhing kasangkapan sa pagbibigay pangalan sa produkto, ang wika sa kasuotan at kagamitan ay maliwanaw na kumikilala sa identidad ng Sorsogueno dahil sa makukulay at malikhaing presentasyon, sa bawat indayog ng katawan sabay sa musika ang mga galaw at ekspresyon ng mukha ay isang anyo ng pagwiwika. Ang mga kulay ng kasuotan ay sumisimbolo sa pili. Ang katatagan, determinasyon at disiplina ang ipinapakita mula sa paglikha ng produkto at bilang pagpapalakas ng kultura at identidad ng mga Sorsoganon.

Ang pag-aaral ng ito ay makakatulong sa lungsod Sorsogon upang mapaunlad ang kulturang Sorsoganon.

Maipakita ang katangiang taglay ng mga mamayan pagdating sa paglikha ng produktong pili bilang identidad. Magdala ng mataas na kabuhayan sa pamamagitan ng turismo gayundin ang paglinang at pagpapayabong ng wika sa iba't ibang aspeto. Gayundin ay magkaroon ng integrasyon sa pagtuturo sa pagkakailanlan ng lugar ay mahalaga dahil masasalamin ang kultura, paniniwala, pamana, wika at karanasan ng komunidad. Ang mga mag-aaral, guro at komunidad ay mapapaunlad ang mas malalim na pag-unawa, maalam at mapapahalagahan ang identidad bilang Sorsugueno.

***Layunin* -** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang kaugnayan ng wika, kultura, at identidad ng Sorsogon sa pagdiriwang ng Pili Festival. (1) Matukoy ang iba't ibang anyo ng wikang ipinapakita sa pagdiriwang, kabilang ang wika sa produkto, wika ng kasuotan at kagamitan, wika ng kulay, at wika ng sayaw. (2) Masuri ang mga kulturang isinasabuhay at naipapamalas sa nasabing pagdiriwang. (3) Matukoy ang identidad ng mga Sorsoganon sa kanilang pagpapahalaga sa produktong pili sa pamamagitan ng festival. (4) Makapagmungkahi ng mga gawaing makatutulong sa pagpapaunlad ng produkto, kultura, at turismo sa pamamagitan ng Pili Festival.

## 2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay dokumentaryong pananaliksik, ang mga datos ay mula sa dokumentaryong bidyu at larawan, pakikipanayam sa mga tagapamahala, mga kalahok (kinabibilangan ng tagawa ng produkto, mananayaw at choreographer) at mga manonood ng festival, at aktuwal na panoood ng mananaliksik. Sinuri sa pamamagitan ang mga pahayag at larawan g nagpapahiwatig ng kultura at identidad ng Sorsogon.

## 3. Natuklasan

Inilalahad sa bahaging ito ang mga natuklasan ng pag-aaral tungkol sa ugnayan ng wika, kultura, at identidad ng mga Sorsoganon sa Pili Festival. Ipinapakita rito ang iba't ibang anyo ng wika at kung paano nito naipahahayag ang kultura at pagkakakilanlan ng lugar.

### *3.1 Ang Wika ng Produkto*

An bunga ng pili at tinatawag na na *drupe* na ibig sabihin ay may laman sa labasan, an (mesocarp), ito ang laman na kung saan ay nakabalot sa matigas na *lagting* (endocarp) at ang loob nito ay may makukuha na ang tawag ay *ilog*. Ang *ilog* ay may nakabalot na kayumangging balat at naalis ito kapag nilagay sa mainit na tubig. Ang kulay ng pili kapag ito ay hinog ay itim ang balat, ang loob nito ay puti, ang lagting ay kulay kayumanggi, at ang ilog ay puti.

**Talahanayan 1.A**
*Wika ng Produkto*

| Produkto | Deskripsyon |
|---|---|
| Pili nuts | Marami ang nagagawa sa pili nuts katulad molido, konserba, pili tart, pili jam, sweet pili coated |
| Pili Oil | Nakakakuha ng langis sa pili nuts na maaring gamiting pangmasahe, pabango, pampaganda |
| Pili Shell | Palamuti sa bahay /kasangkapan katulad ng vase, lampshade palamuti sa damit, palamuti sa katawan o accessories katulad ng kwintas at bracelet, bag, keychains |
| Dagta ng Pili | Ginagamit bilang pang-ilaw, barnis, turpentine |
| Pili Pulp | Pagkain, maaring gamiting sahog sa pagluto |
| Puno ng Pili | Maaring gawing muebles katulad ng upuan, aparador o kabinet |

Makikita sa talahanayan na ang bunga ng pili ay maraming pagkakagamitan gayundin sa puno nito. Simula sa laman, *lagting at ilog* gayundin ang katawan na puno na maaring kunan ng dagta at ang kahoy sa pagtayo ng bahay at kagamitan sa loob ng bahay. Iba iba ang katawagan ng mga naprosesong produkto ng pili, katulad ng ilog o pili nut ito kapag ito ay niluto at nilagyan ng asukal ang tawag na nito ay sweet coated pili nut, kapag asin naman ang nilagay ay salted pili nut, mayroon din crispy pili, roasted pili, polvoron de pili, yema de pili, pili tart, mazapan

de pili. Marami ang nagagawa sa *pili nut* o *ilog* bilang sangkap sa minatamis na pagkain kagaya ng tsokolate, cake, ice cream, hopia de pili, pili peanut butter.

Sa pili nut at pili pulp din makukuha ang pili oil na kung saan ito ay mayroong taglay na *anti-oxidant, anti-microbial, anti-bacterial, anti-fungal, therapeutic* at nakakapawing epektong taglay. Ito din ay makakatulong sa mga taong may sakit sa puso,problema sa kidney, diabetes, high blood pressure, cancer, HIV. Ginagamit din ito sa pagawa ng kandila, pabango, pampaganda o cosmetics, fresheners, inks and scented papers. Ang pili shell ay maari ring gamitin bilang palamuti sa bahay tulad ng vase at lampshade, palamuti sa damit at palamuti sa katawan o accessories. Maari rin itong gawing bag, keychain kurtina at iba pa. Taglay ng mga Sorsugueno ang pagiging malikhain sa paggwa ng mga produkto galing bunga ng pili. Kilala ang Sorsogon sa dahil sa marami ang tanim na punongkahoy at sagana sa bunga nito. Marami din ang nagagawang mga produkto galing sa bunga ng pili. Kaya ang produktong ito ay pagkakailanlan ng lugar na hitik sa bunga ng pili. Ang produkto ay pagkakakilanlan ng isang lugar gayundin repleksyon ito ng kanilang kultura. Nakikilala ang lugar dahil sa natatanging katangiang taglay na isang produkto. Sa paggawa ng produkto ay nakikilala ang mga mamayan sa taglay nitong kagalingan at kakayahan. Ang wika ang kasangkapan sa pagbibigay ng pangalan ng produkto (Almatao at Lartec,2015).

### *3.2 Ang Wika ng Kasuotan at Kagamitan*

Ang wika ng mga kasuotan at kagamitan ay maliwanag na kumikilala sa identidad ng mga Sorsogueno bilang malikhain dahil sa makukulay na representasyon ng isipan. Iba-ibang malikhaing kasuotan at kagamitan ang ginagamit ng mga mananayaw ng Pili Festival. Sa anyo ng konteksto ng kasuotan at kagamitan, ang palamuti sa ulo at palamuti sa katawan ay nagpapatingkad sa mga mananayaw.

**Talahanayan 1.B**
*Wika ng Kasuotan at Kagamitan*

| Kasuotan at Kagamitan | Paglalarawan |
|---|---|
| Makukulay at malikhaing kasuotan sa mga babae | Konsepto ng damit ay ayon sa pili |
| Camisa de Tsino at puruntong sa mga lalaki | Kasuotan ng mga lalaki sa pagaani |
| Nigo | Lalagyan ng *lagting at ilog* |
| Basket | Lagayan ng pili |
| *Pansukdot/pangkangot* | Kagamitan sa paggkuha ng pili sa sanga |
| Kalaw | Ang ibong kumakain ng pili |

Ang talahanayan 1.B ay nagpapakita ng kasuotan at props na ginamit ng mananayaw sa kanilang pagtatanghal. Ang mga kasuotan ay malikhaing kasuotan na konsepto ay pili para sa kabaabihan at camisa de Tsino at puruntong sa mga kalalakihan. Ang mga props o kagamitan na ginamit sa pagsasayaw ay *nigo*, *pansukdot/ pangkangot, at* basket. Mayroon ding kalaw, ang ibon na kung saan nakakakalam kung ang pili ay masarap o hindi. Narito ang ilang pahayag ng mg amanonood hinggil sa konsepto ng mga kasuotan at kaagmitan ng mga mananayaw sa Pili Festival: Ayon sa kalahok C, "*Makukulay ang mga kasuotan ng mga mananayaw. Ang bongga ng damit nila!*" Ayon sa kalahok F, "*Nagpapakita ng proseso ng pag-aani ng pili ang mga props na gamit*". Malalaki ang naitutulong sa paggamit ng props at kasuotan na akma sa pagsasayaw dahil makakatulong ito sa pagkintal sa isipan ng manonood kung ano ang pili festival. Ang mga likhang props mula sa mga produkto sa lugar ay lalong makilala ang mga kalahok. Gayundin ang mga makukulay na kasuotang kinakabibighani sa mga manonood ng festival.

### *3.3 Ang Wika ng Sayaw*

Ang paggalaw ng katawan ay isang anyo ng pagwiwika. Ang masining na paggalaw ng mga parte ng katawan ay ekpresyon at pagwiwika. Sa paggalaw ng katawan ay nagpapakita ito ng pagpapakahulugan ng isang bagay. Nagbibigay din ito ng ekpresyon ng katawan sa pamamgitan ng mga galaw.

**Talahanayan 1.C**
*Wika ng Sayaw*

| Sayaw | Paglalarawan |
|---|---|
| Paglakad (*paglakat*) | Ang mga hakbang o ang paglakad saliw sa musika ay pagpapakita ng paghahanap ng pili. |
| Paghanap | Ang paghahanap ng pili pagpapakita ng aksyon na kung saan hinahanap ang mga pili na bumagsak sa lupa. |
| Pagkuha ng pili (*pagpurot*) | Ang pagkuha ng mga bunga sa lupa. |
| Pag-ani | Ang pag-aani na kung saan ay marami ang nakuhang bunga ng pili |
| Pagluto | Ang mga *steps* ng saya way nagpapakita ng pagluluto ng pili |
| Pagdiriwang | Ipinapakita ang masayang selebrasyon dahil masagana ang ani. |

Makikita sa talahanayan 1.C ang sayaw sa pagdiriwang, ang wika ng sayaw ay ang pagpapakita ng mga hakbang kung paano kinukuha nag pili hanggang sa pag-ani nito. Sumasalamin ang pagdaraos ng pagdiriwang sa produktong pili. Sa pamamagitan ng pagsasayaw ipinapakita ang proseso ng pag-aani ng pili. Ang konsepto ng sayaw sa Pili Festival ay umiikot sa produkto na ipinagmamalaki ng lugar. Ang pagkilala sa katangian ng produkto at nagiging insiprasyon at basehan ng mga mananayaw hinggil sa kanilang galaw. Sa pagsasayaw, ang proseso sa pagsasagawa ay inihahahyag sa mga galaw ng mananayaw. Sinisimulan sa pagkilos ng pagalalakad o pagpunta sa lugar kung saan ang lokasyon ng puno, paghanap ng mga bunga, pagkuha ng mga bunga, pag-ani, pagluluto at pakatapos ng pagsasagawa ang selebrasyon bilang pasasalamat sa pagkamit ng tagumpay na nagpapakita ng ang pagtitiyaga katumbas ay pagwawagi.

Ayon sa kalahok D (choreographer), "*May apat yan na steps...lakat. going to place where pili is located...hanap...purot.and luto. celebration na*." Ayon naman kay kalahok E (choreographer), "*Ang steps nya mam imitations san pgtanom hanggang pg harvest pili. ang symbol mam san costumes, bsta representation san pili nan bountiful harvest*." Mula sa pahayag ng mga choreographer hinggil kung ano ang kabuluhan ng dance steps sa Pili festival mahalaga nag pagpapanatili ng konsepto ng sayaw na nagpapahiwatig nag kultura at identidad. inapakita na lahat ng galaw ay nakabatay sa produktong pili.

### *3.4 Ang Wika ng Kulay*

Ang kulay ng kasuotan ay mahalaga dahil ito ang nagbibigay buhay sa festival. Ang makukulay na damit ay atraksyon sa mga manonood. Gayundin ito ay simbolo ng produkto, bawat kulay ay may kahulugan o may kaugnayan sa pagdiriwang ng festival.

**Talahanayan 1.D**
*Wika ng Kulay*

| Kulay | Paglalarawan |
|---|---|
| Berde | Ang kulay ng pili pag ito ay hilaw pa. |
| Violet | Ang kulay na ito nagpapakita na ito na malapit na mahinog ang unga gayundin kulay ito ng laman ng pili. |
| Itim | Ang kulay na itim ay representasyon na hinog na ang bunga at maari na itong anihin. |
| Dilaw | Ang kulay ng gitnang bilog na makikita sa bunga. |

Makikita sa talahanayan 1.D ang mga kulay ng bunga ng pili simula sa hilaw hanggang kapagito ay hinog na. Ang mga kulay na ito ay ginagamit sa mga kasuotan sa pagdiriwang bilang representasyon sa bunga. Ngunit may mga ginagamit ding ibang makukulay na kasuotan na nagpapakita ng selebrasyon o pagbunyi sa natamasang ani isang halimbawa ng kulay ay rosas o pink na tunay ngang magandang atraksyon sa mata ng tagapanood. Gayundin sa pagproproseso ng produkto ay gumagamit din ng ibang kulay representasyon ng iba ibang pamammaraan ng pagluto ng pili. Ayon sa kalahok D (choreographer), *"green..hilaw..violet..pahinog..black hinog and yellow ang mata san pili".* Ayon naman kay kalahok E (choreographer),*" color san bado mam violet po, or bsta connected mam sa pili."* Batay sa mga nakapanayam na choreographer na ang mga kulay ng kasuotan ay may kaugnayan sa kulay at katangian ng produktong pili. Mahalaga na maipakita ang katangiang taglay ng produkto sa mga kulay ng damit o kasuotan sa pagdiriwang.

*3.5 Kulturang Isinasabuhay sa Pagdiriwang ng Pili Festival*

Ang festival ay naglalayong maipakita ang katangian, kahalagahan at produksyon ng pili sa pamamagitan ng sayaw, makukulay ang kasuotan ng mga mananayaw. Ang pili ay sagana sa lugar ng Sorsogon kaya ang festival na ito ay pagdiriwang ng masaganang pag-aani ng pili at pagpapasalamat sa Poong Lumikha. Tinatawag ang puno na "The Majestic Tree" dahil sa iba't ibang gamit ng bawat bahagi nito tulad ng ugat, katawan ng puno, sanga, dahon, dagta, at bunga sa industriyal, komersyal, at nutrisyunal na aspeto. Ang kultura na isinasabuhay ng mga Sorsugueno ay pagkakaroon ng pagtitiyaga sa bawat ginagawa, pagkakaisa at bayanihan na kung saan tulong tulong sa gawain, lakas ng loob na harapin ang bawat unos ng buhay at pag-asa na makakamit ang tagumpay basta masipag. Ang pamumuhay ng isang lugar ay kakikitaan ng kaunlaran kapag ang mga mamamayan ay ngpapakita ng pagpapahalaga sa biyayang tinatamasa at ginagamit ang kakayahan sa pag-papaunlad nito. Ang Sorsogueno ay likas na may angking kakayahan at kasanayan sa paglikha ang mga bagay na galing sa pili. Ito ang pinagkukunan ng ikakabuhay ng mga tao sa komunidad. Ayon kay Adger (2000) ang festival at mga pagdiriwang sa isang bayan ay kakikitaan ng tatag at kaunlaran nito sapagkat naipapakita ang kakayahan at abilidad ng tao sa komunidad.

Sa mga kinapanayam sabi ni kalahok A, *"Ipinapakitang kultura ng mga Sorsogueno ang mapagpasalamat sa mga biyaya na natanggap"*. Ang mga Sorsogueno ay likas na maka-Diyos, lahat ng mga bagay na tinatangap ay pinapapasalamat ito sa Diyos. Ayon kay Kalahok B, *"Inrurukyaw ang patron san Sorsogon kay dakol ang ani kan pili".* Sinasabi na pasasalamat sa St. Peter at Paul na patron ng Sorsogon dahil sa masaganang ani. Ayon naman sa kalahok C "Pirmi pasalamat sa Diyos sa mga grasya, nan pagtubod sa iya na iaasa gabos na bagay, pareho sadi na dakol ang ani hali yan sa grasya san Diyos." Sinasabi na palaging magpasalamat dahil sa Diyos nagmumula nag biyaya kailangang maniwala at itaas sa Kanya ang lahat ng bagay, kagaya ng maraming ani ng pili. Ayon kay Adger (2000) ang festival at mga pagdiriwang sa isang bayan ay kakikitaan ng tatag at kaunlaran nito sapagkat naipapakita ang kakayahan at abilidad ng tao sa komunidad.

Ang kulturang isinasabuhay ng mga Sorsogueno sa pagdiriwang ng Pili Festival ay ang pagiging relihiyoso o pagiging Maka Diyos na ang kanilang paniniwala na kailangang pasalamatan ang Diyos sa lahat ng bagay na tinatamasa. Sa panahon ng kaganahan ang Diyos ay papurihan at pasalamatan, dakilain dahil lahat ng biyaya sa Kanya nagmula. Ayon kay O'Sullivan et al (2009) ang festival ay konsepto sa paniniwala ng mga tao, ugali at paraan ng pamumuhay. At batay sa pag-aaral ni Paredes (2003) inalam ang mga pananaw ng Nabuenos sa epekto ng Festival sa kanilang pamumuhay ayon sa aspektong panrelihiyon, pang-edukasyon, pangkabuhayan at panlipunan. Ang pagdiriwang ng festival ay hindi lamang implikasyon na ang isang lugar ay masagana at may mayamang kultura bagkus nagpapakita ito ng pagkakaroon ng pagkakakisa sa lipunan.

*3.6 Identidad ng mga Sorsoganon sa Pagpapahalaga ng Produktong Pili sa pamamagitan ng pagdiriwang ng Festival*

Sa pagdiriwang ng Pili Festival ay nagpapakita ng mga katangian at pag-uugali ng mga Sorsogueno. Ito ay repleksyon ng identidad bilang mga mamamayan sa lugar. Ang mga katangiang ito ay makikita sa simula sa pagtatanim, at pag-ani ng mga bunga. Gayundin sa pag akyat, pagpulot, pagproseso at ang gawang produkto.

**Talahanayan 2**
*Identidad ng mga Sorsoganon*

| Identidad | Pagalalarawan sa Pagpapahalaga |
|---|---|
| Tibay at Lakas ng loob | Ipinapakita ito sa pag-akyat sa puno ng pili, mahirap ang umakyat sa mataas na puno kailangang matibay ang kalooban at lakas ng katawan upang makakuha ng bunga. |
| Pagtitiyaga | Sa pagsungkit ng bunga kailangan ng tiyaga dahil mahirap abutin ang mga bunga sa sanga gayundin ang paghahanap sa nalaglag na bunga sa lupa ay kailangan ng pagtitiyaga. |
| Kasipagan | Sa pagtatanim ng mga puno at pag-ani nito ipinapkita ang kasipagan ng Sorsogueno. |

| | |
|---|---|
| Makakalikasan | Sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga puno ipinapakita ang pagiging makalikasan. |
| Maka-Diyos | Sa pagdiriwang kasabay ng pista ng lungsod ipinapakita ang pasasalamat dahil sa sagana ang ani. |
| Pagkakaisa | Ipinapakita ito sa tulong-tulong na paghahanap ng mga nahulog na bunga ng pili sa lupa, gayundin sa iba pang gawain sa pagproproseso nito. |
| Masayahin | Sa kabila ng pagod sa pag-aani ay masaya pa ring nagkukuwentuhan. |
| Malikhain | Ipinapakita ito sa mga likhang kasangkapan, palamuti, mga nilutong pagkain na ang mga Sorsogueno ay likas na malikhain. |

Makikita sa talahanayan 4 ang mga identidad ng Sorsogueno na masasalamin sa pagdiriwang ng Pili Festival. Ang mga sumusunod na identidad ang nakita sa Sorsogueno: tibay at lakas ng loob, pagtitiyaga, kasipagan, maka-Diyos, makalikasan, pagkakaisa, masayahin at malikhain. Ang mga katangiang ito ay masasabing identidad ng Sorsogueno, dahil ito ang nakikitang pag-uugali sa pagpapahalaga ng pili. Ito ang ikinabubuhay ng mga mamamayan ang produksyon ng pili kaya matiyaga at masipag sa pagtatanim ng pili. Nabanggit nina Hanram at Halewood (2000) na ang festival ay nagbibigay ng pagkakailanlan at totoong pangyayari sa buhay. Repleksyon din ito ng makakatotohanang pamumuhay ng mga tao.

*3.7 Mungkahing Gawain sa Pagpapaunlad ng Produkto, Kultura at Turismo*

Ang mungkahing gawaing nabuo ay isang magasin na magpapakita ng produkto,kutura at turismo sa pagdiriwang Pili Festival .Gayundin isang Panukalang Proyekto hinggil sa pagkakaroon ng isang exibit na nagpapakita ng produktong pili, o ng kabuoang punongkahoy dahil sa tinagurian itong majestic tree.

## 4. Konklusyon

Batay sa natuklasan sa pag-aaral ang sumusunod na konklusyon: 1. Ang wika sa produkto, kasuotan at kagamitan, sayaw at kulay ng kasuotan ay may kahulugan at simbolo ng kultura at identidad ng Sorsogueno na ipinakita sa Pili Festival. 2.Ang Kulturang isinasabuhay ay ang masaganang pag-aani ng pili ng mga tao. 3. Ang identidad ng mga Sorsoganon ay ang pagtitiyaga, ipinapakita ito sa pag-akyat at pagsungkit ng bunga ng pili, hanggang sa paghahanap ng mga nahulog na bunga nito.4. Ang mungkahing gawain ay isang panukalang proyekto para sa isang exibit ng produkto na gawang pili, isang pamphlet o magazine na magpapakita ng tradisyon ng Sorsogueno at paghihikayat sa mga turismo.

***Rekomendasyon -*** Ang sumusunod ay ang mga rekomendasyon:1. Paigtingin ang promosyon sa pagpapakilala ng Pili bilang pangunahing produkto ng Sorsogon, gayundin sa pagdaraos ng pagdiriwang ng Pili Festival.2. Magkaroon ng Cultural Show na magpapakita ng kultura at identidad ng mga Sorsogueno na isinasabuhay sa pagapapahalaga ng produktong pili. 3.Magkaroon ng integrasyon ng pagtuturo patungkol sa pagkakailanlan ng lugar. 4.Hikayatin ang mga mag-aaral, guro at mga tao sa komunidad na basahin ang magasin patungkol sa Pili Festival upang magkaroon ng sapat na kamalayan sa sariling pagkakakilanlan at maaaring gamitin ang ang nabuong magasin sa pagtuturo. 5. Magsagawa ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral upang maging sandigan at gabay ng mga susunod pang mananaliksik. Sa ganitong paraan, makikilala ang mga natatagong panitikan sa karamihan sa pamamagitan ng paglalathala ng mga ito.

## 5. Sanggunian

Amtalao, J A. at Altek, J. A. (2015). Ang wika ng sillag festival bilang daluyan ng kultura at identidad ng Ilokano. *Malay Tomo Abr*il, XXVII Bldg.2.

Eves, R. (2014). Material culture and the magical power of dance objects. *Ocenia 79*. Web.2.

Levickaite, R. (2011). City-festival-a traditioanl culture expression of the creative industries (The case of the new contemporary dance festival “New Baltic Dance”). *LIMES: Borderline Studies 4*(1), 36-38.

Mediana, J. A. (2016). *Mga festival sa unang distrito ng Sorsogon*. Sorsogon State College, Sorsogon City.

Sparapini, E. et al. (2011). Crossing boarders by “walking around” culture. *Issues in Teacher Education*, *20*(2), 53-60.

Yuequin, H. (2013). Research on fostering intercultural communication competence on foreign language learners. *Cross-cultural Communication, 9,* 1.